# WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

## Aralin 43

| Pambungad |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 43** |
| --- |
| Theme: Mga Kakatwang Mundo at Pangyayari - "Aksidenteng Pagpasok ng El Dorado" |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**Aksidenteng Pagpasok ng El Dorado**

**WRITING PROMPT LESSON 43**

**---**

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa araw na ito, malalaman na natin ang susunod na mangyayari sa bida matapos niyang habulin ang makulit na pinsang si Caloy tungo sa kagubatan. Handa ka na bang malaman ang susunod na mangyayari? Ating alamin!

**II.Writing Prompt of the Day**

Habang naglalakad, unti-unti mong tinatapon ang bato sa lupa. Ito ang iyong paraan para makabalik kayong dalawa ng batang si Caloy. Tuloy ang paghabol mo kay Caloy. Hanggang sa biglang hindi mo napansin kung saan na lumiko ang bata at ang paruparo.

Tinawag mong malakas ang ngalan ng bata. "CALOY! CALOY!" Sa malayo, nakita mo ang isang kumikinang na bagay, parang kinang na gaya nang sa paruparo. Dahan-dahan mong pinuntahan ang kumikinang na bagay. Pagtingin mo'y isang

dahon ito! Hinawakan mo ito. Parang dahon pa rin, pero kulay ginto. Pagdiretso mo'y laking gulat mo dahil purong ginto ang lahat kahit ang mga kabahayan sa malayo! Ikwento ang iyong naramdaman at ang iyong mga nakita gamit ang mga tanong.

•Ano ang itsura ng paligid bukod sa purong gintong mga bagay?
  -Ito ba'y patag, pababa o pataas?
  -Ito ba'y mapuno? May ilog sa gitna o wala?
  -Anong itsura ng mga bahay sa malayo? Tulad ba ito ng mga bahay sa siyudad o parang mga bahay kubo?
•Ano ang naramdaman mo matapos makita ang isang lugar tulad nito?

**III.Teacher's Message**
Isulat ang iyong natunghayan sa pagpasok mo sa loob ng mahiwagang lugar ng El Dorado. Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

Abangan din natin ang mangyayari sa susunod na kabanata!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."